

Minami no Kaze

南の風はあつた

Vol.43
Sep.2021

Minami Lounge Information

Bumisita sa Minami-ward araw ng Health Checkup ng mga Bata



Opisina ng Minami Ward 4th floor

Pasukan sa Checkup

“Health checkup sa mga bata ay pagsusuri para malaman ang kalusugan at paglaki ng inyong sanggol. Ang taas, timbang, sukat ng ulo, doctor’s examination at pagtatanong ng nurse (tulad ng pang araw-araw na galaw ng inyong sanggol) ay isinasagawa. Maaari rin kumunsulta tungkol sa nutrisyon at ibang alalahanin ukol sa inyong sanggol. Para sa 18months at 3 years, mayroong dental check-up. Para sa 4months, mayroong video kung paano simulan ang baby food. ♪
(Visited Aug 19th ; Health checkup for 3years.)

Mayroong urine test sa 3 taon !



Kwarto para sa paghihintay – dito maghintay hanggang kayo ay tawagin




Mayroong Chinese interpreter na nakatalaga sa checkup. Mayroon siyang tatlong anak at ang karanasan nya sa pagpapalaki ay nakakatulong sa pagbibigay ng impormasyon at interpretasyon. May mga araw din na mayroong Tagalog / English Interpreter. Pakicheck ang notice na ipinadala sa inyo ng Ward o i-check ang Minami Ward website.



Kwarto sa checkup ng Ngipin Paliwanag ay nakasulat sa Chinese, English at Japanese

Paalala sa “Health Checkup ng mga sanggol ay ipinadadala sa bahay ng may sanggol idad 4 na buwan, 18 na buwan at 3 taon. Pumunta derecho sa checkup dala ang mga bagay na nakasaad sa papel . Kung ang inyong eskedyul ay hindi nagtutugma sa araw na nakasulat sa notice, Mangyaring tumawag sa 045-341-1148 (Japanese). Sa kasalukuyan, dahil sa COVID-19, hinihiling naming ang inyong kooperasyon na isa lamang ang sasama sa isang bata sa checkup.



Video sa Kalusugan ng Ngipin ,Nutrisyon at Pamumuhay (Para sa 18 buwan/3taon) -English Bersyon / Chinese Bersyon-

Para maiwasan ang COVID-19 impeksyon, ang paliwanag tungkol sa kalusugan ng ngipin,nutrisyon at pamumuhay ay hindi ginagawa sa araw ng pagsusuri. Subali’t mayroong mga videos sa English at Chinese na mapapanuod sa inyong tahanan.



Mag-access sa URL sa baba o ang code sa tabi ng larawan ng baby.

<https://www.city.yokohama.lg.jp/minami/kurashi/kosodate kyoiku/nyuyoji-kenshin/20210125113735016.html>

Ang website ay nasa Japanese , subali’ t pag scroll mo pababa ng site ay mayroong mga impormasyon sa English at Chinese. I-click lamang ang title na gustong panoorin at makikita agad sa video.

Galing Minami Lounge

Minna no "Wa!" Festa sa 2021

Sa taong ito, ang Minami Lounge event na Minna no "Wa!" Festa ay isasagawa online sa Minami Lounge website sa halip na Face to Face. Walang ipag-aalala sa COVID-19 dahil nga ito ay online, subalit ang buod ng event ay maaaring magbago dahil sa mga pangyayari. (Ang mga larawan sa ibaba ay mga kuha sa nkaraang taon.)



Panel Rally
 Ang Panel ng mga nakarehistrong grupo sa Minami Lounge ay isasabit, Tignan ang mga panels at sumali sa quiz rally. Makakakuha ka ng souvenir.
 Exhibited: Nov.27 (Sabado) ~Dec. 28(Martes)



Japanese Speech
 Mga estudyante sa Japanese class ay magsasalita tungkol sa kanilang mga bansa at ang kanilang impresyon sa pamumuhay sa Japan.
 *Video recorded Released: Dec. 10 (Fri) - Mar. 31 (Thurs)

Multicultural Stage
 Matouqin, Sayaw ng China / Thailand / Nepal at storytelling sa iba't-ibang salita ay planong ilabas sa video style.
 Released: Dec.10(Fri)-Mar.31(Thurs)



Workshop
 Sumo exercise, magic, Aikido, Korean at Japanese paper craft workshop ay isasagawa. Aplikasyon ay magsisimula sa Nov. 11 (Huwebes). Ang workshop ay maaaring magbago at gawing online dahil sa mga pangyayari.
 workshops: Nov. 27 (Sat) 11:00-16:00
 Apply sa Minami Lounge



Patalastas galing sa Lounge
Seminar para sa mga volunteer na magpapakilala ng Banyagang Kultura



Naghahanap kami ng mga volunteers na magpapakilala ng banyagang kultura / games at salita sa mga Elementary Schools sa Minami Ward. Sa mga interesado, ipapaliwanag namin ang mga. Tips sa pagvolunteer. May mga pagkakataon na kailangan kausapin din ang iba.
 Seminar sa Chinese Dec. 15 (Wed) 10:00~12:00
 Seminar sa English Dec. 15 (Wed) 13:30~15:30
 Seminar sa Japanese Dec. 16 (Thurs) 13:30~15:30

Apply: Simula Oct.1 to Dec.14. Tumawag (045-242-0888) o bumisita sa lounge.

Updated na ang Yokohama Multilingual Website!

Simula Abril 2020 ay updated na ang Yokohama Multilingual website. Sabi ng karamihan, ito ay mas madaling gamitin kesa dati. Bakit hindi subukan at maexperience ang updated na Multilingual Website.

<https://www.city.yokohama.lg.jp/lang/>



Mayroong Kunsultasyon hinggil sa pang araw-araw na pamumuhay sa iba't-ibang lenguahe sa Minami Lounge


① Impormasyon at pagpapayo hinggil sa pang araw-araw na pamumuhay (walang bayad)
 Office hours: Monday-Sunday 9:00~17:00 (Closed; 3rd Mondays, 29Dec. ~3Jan.)
 Telephone : (Japanese) 045-232-9544 (Foreign Language) 045-242-0888.

*Tignan sa baba para sa mga lenguahe at araw
【Mga Lenguahe at Araw】

Monday	Tuesday	Wednesday	Thursday	Friday	Saturday	Sunday
Chinese	Chinese	Chinese English	Chinese Thai	Chinese Tagalog	Chinese	Chinese

② Libring konsultasyon tungkol sa batas (2nd Thurs), visa (3rd Thurs) at edukasyon (4th Thurs)
 ※ 13:30~, 14:30~ (Appointment ay kailangan. Tel. 045-242-0888)

★Ang Minami Lounge ay pinatatakbo ng YOKE sa tulong ng Minami Ward Office



Minami Lounge URL
<https://tabunka.minamilounge.com>